

جمعية وقت الحوار
للدعوة الإلكترونية
تصريح رقم 5031

# **Pamamaraan ng mga Nagpapakilala sa Islam** para sa mga Bagong Muslim

Level Two



**ARALIN 1**

## BAKIT ISLAM?

# Panimula

Ang Islam ay pagsuko kay Allah sa pamamagitan ng pagsunod at pag-iwas sa pagsuway sa Kanya. Ito ang relihiyong pinili ni Allah para sa buong sangkatauhan, tulad ng Kanyang sinabi: **“Katotohanan, ang relihiyon sa paningin ni Allah ay Islam.”** (Qur’an 3:19)

Namumukod-tangi ang Islam sa pagka-komprehensibo (sumasaklaw sa lahat ng aspeto ng buhay) at sa pagiging balanse nito, ganun din ang pagsang-ayon nito sa likas na disposisyon (fitrah) at sa katwiran. Ito ang relihiyong tinutugunan ang pangangailangan ng tao sa bawat panahon at lugar.



## BAKIT ISLAM?

### 1 Kapag nalaman ng isang tao na si Allah

ang kanyang tagapaglikha at tagapagkaloob, ang puso niya ay lumalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, pagtitiwala, at pagsunod. Dahil dito, lumalakas ang kanyang relasyon sa kanyang Panginoon, at nabubuhay siya nang may kapanatagan at tiwala.

---

### 2 Pagbabalanse sa Hindi Nakikita at Nakikita

Ang Islam ay pinag-iisa ang paniniwala sa mga bagay na hindi nakikita at ang pagmumuni-muni sa malinaw na mga senyales sa mundo na nakikita ng ating mga mata. Ginagamit nito ang ating isip bilang tulay tungo sa pananampalataya, hindi bilang daan patungo sa kalituhan o pagkakamali.

---



## 3 Ang Relihiyon ng Katarungan at Kapuri-puring mga Pag-uugali

Hindi hinahati ng Islam ang tao batay sa lahi o pinagmulan; ipinagbabawal nito ang anumang uri ng pang-aapi at naghihikayat sa katarungan. Tulad ng sinabi ni Allah sa Qur'an: **"Katotohanan, si Allah ay nag-uutos ng katarungan at kabutihan…"** [Surah An-Nahl: 90]

Ito rin ay nag-uutos ng pagpapahalaga sa mga ipinagkatiwala. Ayon sa Quran : **"Katiyakan, inutusan kayo ni Allah na ibalik ang mga ipinagkatiwala sa inyo doon sa mga nagmamay-ari nito…"** (Surah An-Nisa 4:58)

## 4 Nililinaw ng Islam ang mga bagay na hindi nakikita gamit ang katwiran

Ipinapakita ng Islam ang isang malinaw at komprehensibong pananaw tungkol sa mga di-makikitang bagay—tulad ng paniniwala sa Diyos, mga anghel, pagkabuhay-muli, at tadhana—na tumutulong alisin ang pagkalito at pagdududa sa isip ng tao. Binibigyan nito ng wastong direksyon ang isip upang maunawaan ang pinagmulan ng mga nilikha, ng buong sanlibutan at ang layunin nito.

## 5 Kapanatagang panloob

Ang Islam ay nagbibigay sa alipin ng panloob na kapanatagan at katahimikan sa puso dahil sa pagkilala niya sa kanyang kahinaan at pangangailangan sa kaniyang Panginoon, kaya't nararamdaman niyang si Allah ang kanyang tagapagligtas, tagapagtanggol, at kanyang tagapagtaguyod.

## 6 Relihiyon ng balanseng saklaw ang lahat

Ang Islam ay isang relihiyon ng kabuuang balanse. Hindi nito binababalewala ang anumang bahagi para sa kapakanan ng iba; sa halip, nagbibigay ito ng timbang sa pagitan ng espiritu at katawan, buhay sa mundong ito at buhay sa Kabilang Buhay, gawain at pagsamba. Hindi nito inuutusan ang tao na pasanin ang higit sa kanyang makakaya, at hindi nito ipinagbabawal ang mga bagay na kailangan ng tao gaya ng kasal o kalakalan."

## 7 Ang Islam ay nagdudulot ng kaligayahan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.

Sinumang sumusunod sa Islam ay makakamtan ang paggabay at kaligtasan. Katulad ng sinabi ni Allah : **"Sinuman ang sumunod sa aking patnubay ay hindi maliligaw at hindi magdurusa (sa kabilang buhay)."** (Surah Ṭā Hā :123)

## 8 Ang Islam ay akma sa likas na disposisyon (fitrah) at sa katwiran ng tao.

Ang Islam ay hindi sumasalungat sa lohika o sa likas na disposisyon (fitrah) ng tao, hindi tulad ng maraming relihiyon at pilosopiyang gawa ng tao na may mga intelektwal o moral na kontradiksyon. Sapagkat ang Islam ay rebelasyon ni Allah, Ang Pinaka-maalam, at hindi gawa lamang ng tao.

ARALIN 2

# Ang Doktrina ng Muslim at Ang Kahalagahan nito

## Panimula

Ang doktrina ang pundasyon na nagtutulak sa kagustuhan ng tao patungo sa mabuti o masama. Ito ang matibay na paniniwala sa puso na kumokontrol sa kanyang gawa at salita.

Kapag tama ang kanyang doktrina, magiging tama ang asal ng tao at magiging malapit siya sa tamang landas at kabutihan



## Ano ang Islamikong Doktrina?

Ang doktrina sa Islam ay ang dapat paniwalaan ng isang Muslim ng buong katiyakan—walang alinlangan. Kasama rito ang paniniwala kay Allah, sa Kaniyang mga pangalan at katangian, sa Kaniyang mga anghel, sa Kaniyang mga banal na aklat, sa Kaniyang mga sugo, sa Huling Araw, at sa tadhana. Ang pinakapuso ng doktrina ay Tawḥīd, na nangangahulugang paniniwala sa kaisahan ni Allah at ang hindi pag-uugnay sa Kanya ng anumang katambal.

Ito ang pundasyong umiikot sa lahat ng haligi ng pananampalataya.

# What is Islamic creed?

العنوان غير مترجم

**“Ang kahalagahan ng ʿaqīdah (doktrina) ay matatagpuan sa mga sumusunod na punto:**

## 1 Ang ʿaqīdah ang saligan ng Islam.

Ito ang matibay na pundasyon kung saan nakatayo ang buong relihiyon, at pinagmumulan ng lahat ng batas na nag-aayos ng relasyon ng tao sa kaniyang Lumikha, sa kaniyang sarili, at sa sanlibutan.

## 2 Ang Kundisyon sa Pagtanggap ng mga Gawa

Walang gawa ang tatanggapin kung walang tamang pananampalataya, gaya ng sinabi ng Allah: **“At sinumang gumawa ng mga mabubuting gawain, lalaki man o babae, at siya’y mananampalataya — sila’y papasok sa Paraiso, at hindi sila dadayain nang kahit na kasingliit ng tuldok sa buto ng datiles.”** (An-Nisa 4:124)

Sinabi rin Niya: **“Sinumang gumagawa ng mabubuting gawa, lalaki man o babae, at siya’y nananampalataya — tunay na bibigyan Namin sa kanya ang payak na pamumuhay…”** (An-Nahl 16:97)

## 3 Ipinakikilala nito sa tao ang kanyang sarili at ang kanyang Panginoon.

Pinapaliwanag sa tao na siya ay nilikha ng isang Manlilikhang Maalam, na nagparangal sa kanya at nagkaloob ng mga biyaya. Ang pagkakaalam na ito ay nagbibigay sa kanya ng kapanatagan at naglalayo sa kawalan ng pag-asa—tulad ng sinabi ni Allah: **“Katotohanan, walang nawawalan ng pag-asa mula sa awa ni Allah maliban sa mga taong di-naniniwala.”** (Yusuf 12:87)

## 4 Nagtuturo sa tao ng layunin ng kanyang pag-iral.

Ipinahahayag na ang tao ay nilikha upang sumamba, ayon sa kautusan ni Allah na ipinahayag sa pamamagitan ng Kaniyang mga sugo, at upang pangalagaan ang kalupaan, hindi para sa walang kabuluhang paglilibang. Sabi ni Allah: **"Hindi ko nilikha ang mga jinn at sangkatauhan kundi upang sambahin lamang Ako."** (Adh-Dhāriyāt 51:56)

---

## 5 Nagtuturo sa tao ng kanyang hahantungan

Itinuturo ng doktrina na ang kamatayan ay paglipat tungo sa kabilang buhay na may paglilitis at pagbibigay gantimpala. Sabi ni Allah: **"Sa araw na iyon ang mga tao ay tutungo na magkakahiwalay upang ipakita ang kanilang mga gawain. Kaya't sinuman ang gumawa ng isang katiting na kabutihan, ay makikita niya (ang gantimpala), At sinuman ang gumawa ng isang katiting na kasamaan ay makikita rin niya (ang parusa)"** (Az-Zalzalah 99:6–8)

---

## 6 Nagbibigay ito ng karangalan at dignidad

Pinapahalagahan nito ang tao kaya siya'y hindi nagpapasakop maliban kay Allah, at pinapalaya mula sa anumang pagkaalipin sa iba. Sabi ni Allah: **"At kapag sinanhi ni Allah sa iyo ang kapinsalaan, walang makapapawi nito maliban sa Kanya. at kapag ninais naman niya sa iyo ang kabutihan ay walang makakapigil nito."** (Yunus 10:107)

Sinabi rin ng Propeta ﷺ:**"At (dapat) mong mabatid, na kung magtipon ang buong Ummah upang magbigay sa iyo ng kabutihan, hindi sila magdudulot ng anumang kabutihan maliban sa itinakda lamang sa iyo ni Allah"** (Tirmidhī)

---

## 7 Ipinaaalam nito sa tao ang likha sa kanyang paligid

Ang sansinukob ay hindi magulo ang sistema; ito ay umiikot ayon sa itinakda at karunungan ni Allah. Sabi niya: **"Si Allah ang nagtalaga para sa inyo ng dagat upang ang mga sasakyang-dagat ay makapaglayag dito sa pamamagitan ng Kanyang kautusan at upang inyong hanapin ang Kanyang mga biyaya at kayo'y matutong magpasalamat."** (Al-Jāthiyah 45:12–13)"

# Pangwakas

Ang doktrina ng Islam ay nililinaw sa tao ang pag-unawa sa kanyang sarili, sa kanyang Panginoon, at sa sansinukob na nasa kanyang paligid.

Ipinagkakaloob nito sa kanya ang panloob na kapanatagan, tunay na dignidad, at isang dakilang layunin upang mamuhay. Ito ang saligan ng relihiyon at pundasyon ng bawat kabutihan sa mundong ito at sa kabilang buhay.

ARALIN 3

# Ang Banal na Qur’ān: Mga Katangian at Ang Kahigitan Nito

## Panimula

Ang Banal na Qur’ān ay salita ni Allah, ibinaba sa Kaniyang Propeta na si Muhammad ﷺ upang maging ilaw at gabay para sa lahat ng nilalang. Ito ang huling banal na aklat, matibay na lubid ng Allah, at ang batas ng mga Muslim.

Taglay nito ang mga dakilang katangian at hindi mabilang na kabutihan, kaya’t itinuturing itong pinakamahalagang aklat na nalaman ng sangkatauhan.



# Mga Katangian ng

## Banal na Qur’ān”

Ang Qur’an ay ibinaba mula kay Allah at ipinadala kay Propeta Muhammad ﷺ.

Ito ay salita ni Allah, ang pagbasa nito ay isang pagsamba, at ito ay naingatan ang salita nito at kahulugan. Sabi ni Allah: **“Hindi ba nila napagtutuunan ng pansin ang Quran? Kung ito’y nagmula sa iba bukod kay Allah, kanilang matatagpuan dito ang maraming pagkakasalungat”** (An-Nisa 4:82)

## Pinagmumulan ng Batas ng Islam

Ang Qur'ān ang unang batayan ng pagsasabatas, na nagbibigay-linaw sa tao mula sa kadiliman tungo sa kaliwanagan, gaya ng sabi ni Allah: **"…ang Aklat na ipinahayag Namin sa iyo upang hanguin mo ang sangkatauhan mula sa kadiliman tungo sa Liwanag …"** (Surah Ibrāhīm 14:1)

---

## Pinangangalagaan Hanggang sa Araw ng Paghuhukom

Si Allah mismo ang nangangalaga rito, gaya ng Kaniyang sinabi: **"Katotohanan, kami ang nagpahayag ng Paalala, at Kami rin ang patuloy na mangangalaga nito."** (Surah Al-Ḥijr 15:9)

Sa mahabang kasaysayan, dumaan ang Qur'ān sa maraming kaganapan at mga gawaing masama sa paghahangad na sirain ito at baguhin, mga kaaway na nagnais sirain ito, at may mga nasyong nagtangkang baguhin ang teksto. Kung ang mga gawaing ito ay ginawa sa ibang mga libro bukod pa sa Quran ay tiyak na makakaranas ng pagkasira at mga pagbabago katulad ng mga naunang mga aklat.

Ang Quran ay dumaan sa ganitong mga kaganapan ngunit hindi nangyari ang kanilang nais mangyari. Bagkus dumating ito sa atin nang buo't walang pagbabago kung paano ito ipinahayag ni Allah noong una, hindi napalitan at hindi nabago. Naiiba ito sa mga naunang aklat na ipinagkatiwala sa mga tagasunod nito ang pag-iingat sa mga Aklat. tulad ng sinabi Niya: **"…sila ay humahatol batay sa Aklat (Torah) na ipinagkatiwala sa kanila…"** (Surah Al-Mā'ida 5:44)"

---

## Isang Mahimalang Aklat

Ang Qur'an ay ginagawang walang kakayahan ang mga Arabo—at ang buong sangkatauhan—na gumawa man lamang ng kapantay nito, kahit isang kabanata lamang. Sinasabi ni Allah: **"At kung kayo ay may pag-aalinlangan hinggil sa Quran na Aming ipinahayag sa Aming alipin (Muhammad), magkagayon ay gumawa kayo ng isang kabanata katulad nito, at inyong tawagin ang inyong mga saksi bukod kay Allah, kung kayo nga ay nag-aangkin ng katotohanan. Subalit kung hindi ninyo magawa, at kailanman ay hindi ninyo magagawa, magkagayon inyong katakutan ang apoy na ang panggatong ay mga tao at mga bato na inihanda para sa mga hindi naniniwala"** (Surah Al-Baqarah 2:23)

At sinabi Niya rin: **"Sabihin mo, "Kung magtipon man ang mga tao at ang mga jinn upang gumawa ng katulad ng Qur'ān na ito, hindi nila magagawa ang gaya nito, kahit pa tulungan nila ang bawat isa."** (Surah Al-Isra 17:88)



# Ang Kahigitan ng Marangal na Qur’an

## 1 Ang Kabutihan sa Pagbasa Nito

Ang pagbigkas ng Qur’an ay isang dakilang uri ng pagsamba na may malaking gantimpala. Sinabi ni Allah:**“Tunay na yaong mga bumibigkas ng Aklat ni Allah, nagsasagawa ng pagdarasal, at gumugugol mula sa ipinagkalob Namin sa kanila nang palihim at hayagan, ay umaasa sa isang kalakal na kailanma’y hindi malulugi. Upang Kanyang ibigay sa kanila ang kanilang mga gantimpala at dagdagan pa sila mula sa Kanyang biyaya. Tunay na Siya ay Ghafur (Mapagpatawad) at Shakur (Tagapagtangkilik ng kanillang kabutihan at tinutumbasan ang mga ito).”** (Surah Fatir : 29–30)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **“Ang taong bihasa sa Qur’an ay makakasama ng mga mararangal at matutuwid na anghel, at ang taong bumibigkas ng Qur’an na nauutal dito at nahihirapan ay makakakuha ng dalawang gantimpala.”** (Bukhari at Muslim)

Sinabi rin niya: **“Sasabihin sa palaging nagbabasa ng Qur’an: Magbasa ka at umakyat, at bumigkas ka gaya ng iyong pagbibigkas sa mundo. Tunay na ang iyong kalalagyan ay nasa huling talatang iyong binigkas.”** (Abu Dawud)

## 2 Ang kabutihan ng pag-aaral at pagtuturo nito

Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Ang pinakamainam sa inyo ay siya na nag-aral ng Qur'an at itinuro ito" (Bukhari) At sinabi pa niya: "Walang grupo ng mga tao na nagsasama-sama sa isa sa mga bahay ni Allah upang magbasa at mag-aral ng Aklat ni Allah, maliban na lang na bababa sa kanila ang kapanatagan, susuungin sila ng awa, papaligiran sila ng mga anghel, at babanggitin sila ni Allah sa mga nasa Kanyang piling."**

---

## 3 Ang pamamagitan sa araw ng paghuhukom

Ang Qur'an ay mamamagitan para sa mga nagbabasa at nagsasabuhay nito. Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Basahin ninyo ang Qur'ān, sapagkat sasapit ng Araw ng Pagkabuhay na Muli itong magiging tagapamagitan para sa mga kasama nit**o" (Muslim).

---

## 4 Ito ay Lunas at Awa

Ang Qur'an ay gamot para sa mga katawan at mga puso. Sinabi ni Allah : **"At ipinadala namin mula sa Qur'ān ang kagalingan at awa para sa mga mananampalataya."** (Al-Isra: 82)

**"Sabihin mo (O Muhammad) "Ito (Qur'an), para sa mga naniwala ay gabay at kagalingan"** (Fussilat : 44)

**"O sangkatauhan! Dumating na sa inyo ang paalala mula sa inyong Panginoon, isang kagalingan para sa nasa puso"** (Yunus: 57)

# Pangwakas

Ang Banal na Qur’ān ay isang makadiyos at kumprehensibong aklat, isang mahimala at protektadong salita ng Diyos, siyang pinagmumulan ng patnubay at pagbabatas. Ang mga talata nito ay naglalaman ng liwanag at lunas at umaakay sa kabutihan at katarungan.

Ang pagbigkas, pagninilay, at pag-aaral nito ay kabilang sa pinakamahalagang uri ng pagsamba.

Ito ang Liwanag na hindi kailanman mawawala hanggang sa Araw ng Pagkabuhay Muli.

ARALIN 4

# Mga Kaugalian sa Islam



# Panimula

Ang mga pag-uugali ay prinsipyo na nagbibigay kaayusan sa kilos ng tao. Sa katunayan, naglaan dito ng diin ang Islam nang matinding pagpapahalaga. Sapagkat ito ang humuhubog sa relasyon ng tao sa kanyang Panginoon, sa sarili, at sa mga tao sa paligid niya. Pinuri ng Allah ang Kanyang Propeta ﷺ sa kanyang ugali, na nagsabing: **"At tunay ngang ikaw ay may dakilang pag-uugali."** (Al-Qalam 68:4)

Tinanong ang Propeta ﷺ kung ano ang pinakadalas na dahilan ng pagpasok ng tao sa Paraiso. Sumagot siya: **"Ang takot kay Allah at ang mabuting asal."** (Tirmidhi)



# Mga uri ng pag-uugali batay

## sa pakikipag-ugnayan

**Pakikipag-ugnayan ng isang Muslim sa kanyang Panginoon** Nakahayag sa pagsuko, katapatan sa pananampalataya, pagsunod sa Kanyang mga utos, pagtanggap sa Kanyang buong pangalan at ganap na gawa, at pagkalugod sa Kanyang batas (Sharia).

**Pakikipag-ugnayan niya sa kapwa tao** Dapat nakabatay sa pagtitiwala, katapatan, awa, kahinayan, mabuting asal, at pag-iwas sa pang-aapi, pagsisinungaling, pagtataksil, at iba pang masasamang katangian.

**Pakikipag-ugnayan niya sa sarili** Kinapapalooban ng pagtitiyaga, pagiging balanse, kahusayan sa gawa, at pag-iwas sa galit, sama ng loob, at pagmamadali.

**Pakikipag-ugnayan niya sa mga nilalang na hindi nakapag-iisip** Pagharian dapat ito ng awa at pagkahabag. Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang isang babae ay pinarusahan dahil sa isang pusa na kaniyang kinulong hanggang ito'y namatay sa gutom. Hindi niya ito pinakain o binigyan ng tubig, at hindi rin siya pinakawalan upang makakain ito ng insekto sa lupa."



# Mga Halimbawa ng mga Pag-uugaling Islamiko

## 1 Katarungan

Ito ay dakilang kaugalian na itinuturo ng Islam sa lahat aspeto ng pakikitungo, gaano man kalawak ang pagkakaiba ng lahi, etnisidad, o antas sa lipunan ng mga tao. Sinabi ni Allah: **"Katotohanan, si Allah ay nag-uutos ng katarungan, kabutihan, pagbibigay sa mga kamag-anak at nagbabawal ng kahalaya, masamang gawain, at pang-aapi…"** (Nahl : 90)

---

## 2 Hiya

Ang hiya ay pumipigil sa sarili na masadlak sa mga kasalanan at kasamaan, at pati na rin sa anumang bagay na hindi maganda ayon sa pag-iisip o hindi katanggap-tanggap sa wastong panlasa. Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Ang hiya ay kabilang sa pananampalataya."**(Tirmidhi) .

**"Ang bawat relihiyon ay may isang natatanging kaugalian, at ang ugaling (natatangi) sa Islam ay ang hiya."** (Ibn Mājah)

**"Walang naidudulot ang hiya kundi kabutihan."** (Bukhārī at Muslim) .

---

## 3 Habag o Awa

Ang awa ay kabilang sa mga katangian ni Allah, at ito rin ay ugali ng Kanyang Propeta ﷺ. Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Ang mga mananampalataya sa kanilang pagmamahalan, awa't habag ay parang isang katawan: kapag ang isang bahagi nito ay nagkasakit, iniinda rin ito ng buong katawan sa pamamagitan ng puyat at lagnat ."** (Bukhari at Muslim)

Sinabi ni Allah: **"At dahil sa awa mula kay Allah, ikaw (O Muhammad) ay naging mahinahon sa kanila. At kung ikaw ay naging masama ang ugali at matigas ang puso, marahil sila ay lalayuan ka."** (Ali Imran: 159)

Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Katotohanang kinaaawaan ni Allah ang mga alipin niyang maawain."**

---

## 4 Katapatan sa ipinagkatiwala

Saklaw nito ang pagtugon sa mga karapatan ni Allah at karapatan ng mga nilikha, sabi ni Allah: **"Katiyakan, inutusan kayo ni Allah na ibalik ang mga ipinagkatiwala sa inyo sa mga nagmamay-ari nito, at kung kayo ay magbibigay hatol, humatol kayo nang may katarungan"** (An-Nisaa: 58).

Sinabi pa Niya: **"At yaong mga inaalagaan ang mga ipinagkatiwala sa kanila at ang mga kasunduan"** (Al-Maarij: 32).

At sinabi rin ni Allah: **"O kayong mga naniwala, huwag kayong magtaksil kay Allah at sa Sugo, o magtaksil sa ipinagkatiwala sa inyo habang inyo itong nalalaman na (ito'y ipinagbabawal)"** (Al-Anfal: 27).

---

## 5 Pagpapakumbaba

Kabaligtaran ito ng pagmamataas, ito ay dahilan ng pagtaas ng antas ng isang alipin. Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: **"At hindi nagpakumbaba ang isang tao malibang itinaas siya ni Allah."** (Muslim) .

Sinabi ni Allah: **"Katiyakan, si Allah ay hindi nagmamahal sa sinumang mapagmataas at mayabang."** (An-Nisaa: 36)

At sinabi ng Propeta ﷺ: **"Hindi makapapasok sa paraiso ang sinumang sa kanyang puso ay may katiting na pagmamataas."** (Muslim)

## 6 Katapatan

Ito ang saligan ng mabuting asal at susi sa kabanalan. Dito ang ugat ng maraming kagandahang-asal—tulad ng pagiging mapagkakatiwalaan, kahinhinan, katapatan, tapang, at iba pa. Hindi lamang ito totoo sa pananalita, kundi totoo rin sa gawa at sa puso. Sinabi ni Allah:**“O mga sumampalataya! Matakot kayo kay Allah, at maging kabilang kayo sa mga matatapat.**” (Tawbah:119) At sinabi din Niya: **“Ito ang Araw kung kailan makikinabang ang mga tapat sa kanilang katapatan.”** (5:119)

Sinabi ng Propeta ﷺ: **“Maging tapat kayo, sapagkat ang katapatan ay nagdadala sa kabanalan, at ang kabanalan ay nagdadala sa Paraiso… at ang tao ay patuloy na maging tapat hanggang isulat siya ni Allah bilang matapat”** (Bukhari at Muslim)

Sinabi rin niya: **“Tanda ng isang mapagkunwari ay tatlo: kapag nagsalita ay nagsisinungaling, kapag nangako ay hindi tumutupad, at kapag pinagkatiwalaan ay di-ginagampanan.”** (Bukhari at Muslim)

Ang katapatan ay katangi-tanging ugali ng Propeta ﷺ bago pa man siya hiranging propeta, kaya siya’y tinawag na as-Ṣiddīq at al-Amīn—ang tapat at mapagkakatiwalaan.

## 7 Pagtitiis

Ito ay mahalagang katangian, susi sa kaginhawahan at tanda ng pananampalataya. Sinabi ni Allah: **“At magtiis kayo, katotohanang si Allah ay kasama ng mga matiisin.**” (Anfaal: 46) at sinabi pa Niya: **“Katotohanan, ang mga matiisin lamang ang tatanggap ng kanilang gantimpala nang walang paglilitis.**” (Zumar: 10)

Sinabi pa Niya: **“At balitaan mo ang mga matiisin, sila na kapag may dumating sa kanila na anumang pinsala, sila ay nagsasabi: “Katotohanan, kami ay kay Allah at sa Kanya kami muling babalik.” Sila ang mga matiisin, na para sa kanila ay papuri at awa mula sa kanilang Panginoon, at sila ang mga taong ginabayan.”** (Al-Baqarah: 157)

# Pangwakas

Ang mga asal sa Islam ay hindi lamang palamuti ng tao; bahagi ito ng kanyang pananampalataya at relihiyon, dahilan ng pagpasok sa Paraiso, at siyang nagpapataas ng kanyang katayuan sa harap ng kanyang Panginoon at ng mga nilalang Niya.

At sinabi ng Propeta ﷺ: **“Katotohanan ako ay isinugo upang ituwid at kumpletuhin ang mga kapuri-puring pag-uugali.”** (Inulat ni Imam Ahmad)

ARALIN 5

# ANG ISLAM AT ANG PAMILYA

## Panimula

“Ang pamilya sa Islam ay may mataas na antas—ito ang binhi ng lipunan at pundasyon ng katatagan at pagiging balanse nito. Lubos na pinahalagahan ng Batas Islam ang maayos na mga hakbang na may kinalaman sa dito mula sa paamanhikan, kasal, pagdadalang tao pag-aalaga, at maging sa mga hiwalayan, upang matiyak ang habag at pagkakabuklod ng bawat isa at maisulong ang katatagan ng bansa.

Sumasaklaw ang konsepto ng pamilya sa mag-asawa, kanilang mga anak na lalaki at babae, mga lolo’t lola, mga tiyo at tiya sa ama at ina, at lahat ng kanilang mga inapo.”



# Mga anyo ng pagpapahalaga

## ng Islam sa pamilya

## 1 Ang pag-aasawa ay nakabatay sa pagkakaroon ng pagmamahal at awa.

Ginawa ng Islam ang kasal bilang ugnayan ng kapanatagan, pagmamahal at awa. Sinabi ni Allah : **“At kabilang sa mga palatandaan Niya, na nilikha mula rin sa inyo ang inyong mga asawa upang mapanatag ang inyong kalooban at Kanyang inilagay sa inyong mga pagitan ang pagmamahal at habag. Katiyakan, narito ang mga palatandaan para sa mga taong nag-iisip.”** (Ar-Rum: 21)

Sinabi pa ni Allah: **“Sila ay inyong mga saplot at kayo ay saplot rin para sa kanila”** (Al-Baqarah: 187)

## 2 Paghimok ng Islam na mag-asawa

Hinimok ng Islam ang mga kabataan na magpakasal upang mapangalagaan ang kanilang sarili at maibaba ang tingin. Sinabi ng Propeta ﷺ: **“O mga kabataang lalaki! Kung sino sa inyo ang may kakayahan, siya ay mag-asawa, dahil ito ay nakakatulong na ibaba ang paningin at maprotektahan ang puri. At kung hindi makaya, mag-ayuno siya, sapagkat ang pag-aayuno ay isang panangga para sa kaniya.”** (Bukhari at Muslim)

## 3 Pagpili ng tamang asawa

Nagtuturo ang Islam ng wastong pagpili ng mapapangasawa. Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Kung lumapit sa inyo ang isang taong kalugod-lugod ang pananampalataya at ang pag-uugali, ipakasal ninyo siya. Dahil kung hindi ninyo gagawin, magkakaroon ng fitnah (tukso, trahedya o kaguluhan) sa lupa at malawakang pagkasira."** (Tirmidhī)

---

## 4 Karapatan ng mga Lalaki bilang Tagapangalaga

Ibinigay ng Islam sa lalaki ang papel ng pagiging tagapangalaga ayon sa kanyang likas na katangian at responsibilidad. Sinabi ng Propeta ﷺ: "**Ang bawat isa sa inyo ay tagapangalaga at mananagot sa kanyang nasasakupan. Ang pinuno ay tagapangalaga sa kanyang nasasakupan; ang lalaki ay tagapangalaga sa kanyang pamilya at mananagot sa kanila; ang babae ay tagapangalaga sa bahay ng kanyang asawa at mga anak at mananagot sa kanila."** (Bukhari at Muslim)

Hinimok din niya ang mabuting pakikitungo: **"Ang may pinakakumpletong pananampalataya sa mga Mumineen ay ang may pinakamagandag pag-aasal; at ang pinakamainam sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanilang mga asawa."** (Tirmidhi)

---

## 5 Kabutihan sa mga Magulang

Binibigyan ng Islam ang mga magulang—lalo na ang ina—ng mataas na katayuan. Ayon sa hadith tinanong ang Propeta ﷺ: **"O Sugo ni Allah, sino ang higit na karapat-dapat sa aking mabuting pakikisama? "Ang iyong ina," At Pagkatapos? "Ang iyong ina" at sino pagkatapos? "Ang iyong ina" pagkatapos ay sino? "Ang iyong ama."** (Bukhari at Muslim)

At ipinagbawal nito na maging masama sa mga magulang, salita man o gawa, kahit pa ang simpleng masamang salita: **"...kaya huwag kayong magsalita ng 'uff' sa kanila, huwag silang pagtaasan ng boses at makipag-usap kayo sa kanila nang magalang na pananalita."** (Qur'an 17:23)

Itinuturing na matinding kasalanan ang pagiging masama sa magulang. Nabanggit sa Hadeeth: "Sasabihin ko ba sa inyo ang pinakamalalaking kasalanan? sila ay tumugon

ng pagsang-ayon, **“Ang pagtatambal kay Allah at ang pagiging masama sa mga magulang.”** (Tirmidhī)

Kahit hindi Muslim ang magulang, dapat silang tratuhin nang mabuti: **“At aming itinagubilin sa tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang. Ang kanyang ina ay dinala siya sa sinapupunan – sa kahinaan at kahirapan – at (ginampanan) ang pagpapasuso sa kanya sa loob ng dalawang taon, kaya’t magpasalamat ka sa Akin at sa iyong mga magulang, at sa Akin ang huling hantungan. Ngunit kung sila’y pilitin kang magtambal sa pagsamba ng iba pa sa Akin nang wala kang kaalaman, ay huwag mo silang sundin. Ngunit makisama ka sa kanila sa mundong ito nang may kabutihan.”** (Qur’an 31:14–15)

## 6 Pagpapatibay ng Ugnayang mag-anak

Hinimok ng Islam ang pagpapatibay ng ugnayang mag-anak at itinuturing ito bilang sanhi ng pagpapala. Sinabi ng Propeta ﷺ: **“Sino mang nagnanais na maging maluwag ang kanyang biyaya, at humaba ang kanyang buhay, ay dapat magpatibay ng ugnayan sa kamag-anak.”** (Bukhari).

# Pangwakas

Ang pamilya sa Islam ay hindi lamang isang yunit na panlipunan, bagkus ang sentro ng pagsasaayos ng indibidwal at lipunan. Ang pundasyon ay habag, katarungan, at kabutihang asal.

At itinatag sa matibay na pamantayang maka-Diyos na pagpapahalaga. Dahil dito, binigyan ng Islam ng napakalalim na pagpapahalaga ang pamilya—sa kapwa batas at moralidad—sapagkat ito ang pangunahing yunit ng pagbuo ng ummah.